TINGINNAMIN

More than a tragedy, a failure

Why would be an apt word to start a conversation about a woman who abandoned her newborn baby in a dumpster in Central – perhaps left there to die.

Why did she do it?

Why did she not seek help?

Why did she get pregnant in the first place?

The answers will elude us, but even if the woman comes forward with an explanation, it's likely none of it will make sense.

It will keep us talking for a while, debating the moral and legal implications, until the next tragedy not unlike this one, comes along.

It is the chilling prospect that it will happen again that is beyond distressing, even if we accept that unspeakable cruelty is being inflicted on a helpless human being right this minute.

Yet, it is within our power to prevent it. Society and its institutions have the means – and the moral obligation – to offer a safe way out for even the most tormented individual. We fail in that obligation for every lost soul.

We learned somewhere that it's better to light a candle than curse the darkness. Turn the cliche and we find the simple truth: It is what we don't know that often drives us to despair and destruction.

When we don't know what to do, who to call or where to go, we are at the mercy of dark influences.

SULATLETTERS

Dapat lang na pahalagahan ng gobyerno ang malasakit nating mga OFWs sa kapanahunan na mahina ang ekonomiya ng Hong Kong ilang taon na ang nakalilipas.

Noon nila sinabing dapat tayo'y magsakripisyo rin, katulad ng ating mga employers na tinamaan ng tinatawag na economic slump.

Hindi nga ba tayo binawasan ng suweldo o di kaya'y pinatikim ng paugod-ugod na pagtaas ng minimum wage?

Ngayong namamayagpag ang ekonomiya ng Hong Kong (ayon na rin kay Finance Secretary John Tsang), siguro naman ay hindi tayo makakalimutan na isama sa pag-unlad ng lahat.

Nararapat lamang na sa darating na wage review ay isaalang-alang ng mga opisyal ng Hong Kong ang matagal na nating kahilingan na magkaroon ng tunay na umento.

Lilia Marasigan
North Point

May nakapagsabi sa akin na kung papupuntahin ko ang aking mga anak sa Hong Kong para magbakasyon, kinakailangan ko ang sulat mula sa aking employer para ibigay sa immigration officers sa Hong Kong.

Ito raw ay sapat na para makapasok ang mga bata sa Hong Kong.

Kakaiba ang aking naging karanasan. Sa Maynila pa lang, pagpasok sa immigration counter ay hinanapan na ako ng kung anu-anong papeles at pinupog na tanong.

Kahit may sulat ako mula sa aking employer ay pinahirapan pa rin ako.

Hindi ito ang unang pagkakataon na nagpunta rito ang mga anak ko sa Hong Kong. Mas madali sila nakapasok dito kaysa nakalabas ng Maynila.

Jovenal Accion
Kwun Tong

Kailan kaya makakapaglabas ang konsulado ng mga telephone numbers na may taong sumasagot?

Madalas na voice recorder ang nakakausap ko.

Name and address supplied

Paggunita sa ama ng overseas workers

ITAASMO

kabayan

Teo Antonio

Dapat sana'y sa buwan ng Pebrero ang kolum na ito. Dahil Pebrero 3, ang kaarawan ni Senador Blas F. Ople. Nabasa ko sa kolum ni Susan V. Ople, "Our Times", sa magasing Panorama noong Linggo.

"Today is my father's birthday," aniya. Ang huling bahagi ng kolum ay ganito: "Their collection of memories reinforces documentary evidence on how my father conceptualized and built the overseas employment program. It was under his watch that institutions like the POEA, OWWA, NLRC and NMYC, now Tesda were founded. I am excited about this project because it will be the best tribute ever to the man whose intellectual genius and hard work have helped millions of Filipinos overcome poverty."

Tunay na limot na ng iba ang kabuluhan ni Ka Blas kung pag-uusapan ang overseas employment. Mabuti't ipinaalala sa atin ng kanyang manunulat na anak ang nagawa ng kanyang ama.

Totoong sa panahon ng Pangulong Marcos noong maglingkod siyang Secretary of Labor bandang dekada sisenta ay nakikini-kinita ni Ka Blas ang pagdami ng populasyon ng mga manggagawa sa bansa.

Kailangang malunasan ang kahirapan sa pagkakaroon ng maraming pabrika o puhunang dayuhan sa pagnenegosyo sa Pilipinas. Pero mabilis dumami ang tao at ang oportunidad sa ekonomya ng bansa ay hindi ganoong kabilis.

Kung hindi naging malayo ang tanaw ni Ka Blas Ople ay baka dumami ang Pilipinong walang trabaho at malawak na kahirapan

Nakita ni Ka Blas ang malayong pananaw sa magiging kalagayan ng bansa sa darating na panahon. Isang henerasyon iyong dadanas ng labis na kahirapan at kawalang trabaho sa sariling bayan.

Uso na noon ang ilang Pilipinong nangangarap makarating sa lupain ng mansanas at matupad ang kanilang "American Dream."

Pero sa panahon ng panunungkulan ni Ka Blas sa gobyerno, napagtuunan ang pagtatrabaho sa Saudi Arabia. Panahong iyong pinauunlad ang bansang Saudi. Noo'y di pa uso ang pagbabayad ng malaking placement fee para magtrabaho sa Saudi. Nakaaalis ang mga manggagawang Pilipino na walang malaking gastos.

Basta't may pasaporte, NBI clearance o iba pang dokumento at nakapasa sa pagsubok ay mabilis na nakakaalis. Ang mga international overseas placement agencies ay nagtatag dito ng opisina. Maayos at walang hokus-pokus.

Tunay na ang layunin ni Ka Blas ay matugunan ang nakatakdang paglayo ng populasyon at maraming nangangailangan ng trabaho.

Dumating ang pangyayaring dumami ang nakapagtapos at may diploma sa bansa na walang mapasukan. Kaya ang pagkakataong magtrabaho sa ibang bansa ang naging susi ng bagong pakikipagsapalaran.

Kahit di nakatapos ng kolehiyo o tapos ng hayskul at marunong umingles ay nangahas ding makipagsapalaran. Naging popular din ang domestic helper sa Hong Kong at iba pang lugar na kahit guro ay natuksong pasukin ang trabahong mas mababa pa sa kanilang propesyon pero mataas ang suweldo.

Nauso rin ang caregiver physical therapist bukod sa doctor, nurse at guro sa pagtuturo ng Ingles. Lahat halos ng propesyunal gaya ng accountant, inhinyero, eksperto sa kompyuter ay sinalubong ang pagbabago ng magandang oportunidad sa ibang bansa.

Kung hindi naging malayo ang tanaw ni Ka Blas Ople ay baka dumami ang Pilipinong walang trabaho at malawak na kahirapan. Kung sinasabing dapat ay mas maglingkod ang ating mga propesyunal sa ating bansa, mahirap sagutin ang kailangan ng bawat Pilipino upang makausad at umunlad.

Sana sa pag-unlad ng bansa at ganap na nakamit na natin ang kalayaang pang-ekonomiya, mas kumonti na ang nagtatrabaho sa ibang bansa. Nanatili itong isang pangarap hanggang sa kasalukuyan.

Patuloy ang overseas employment sa darating na panahon dahil di pa nagbabago ang takbo ng pulitika at sistema ng pamamahala sa bansa. Mas lumalala ang graft and corruption mula sa ibaba hanggang sa itaas ng kapangyarihan.

PUBLISHER Reggie Amigo EXECUTIVE EDITOR Rex Aguado PUBLISHING CONSULTANT Philip Evardone ADVISERS Therese Necio-Ortega, Prof Dr Maurice Teo
CORRESPONDENTS Eddie Alinea (Manila), Celeste Terrenal (Manila), Terrie Fucanan (Manila), Chito Manuel (Jeddah). Rick Sumallo (New Jersey), Loi Liwanag (Los Angeles)
ACCOUNT EXECUTIVES Bernie Domantay, AccessPoint (Philippines) Josephine Miranda (Philippines), TJ Badon-Doble (Philippines), Bob Waterfield (Hong Kong)
EDITORIAL BOARD Reggie Amigo, Rex Aguado, Philip Evardone, Prof Dr Maurice Teo CONTRIBUTING EDITORS Beting Laygo Dolor, Teo Antonio, Chito Manuel, Danny Vibas, Dante Vino

Filipino Globe is published once a month by Apex Services (HK) Ltd, Suite 1905, Lippo Centre Tower 2, Queensway, Admiralty, Hong Kong, telephone (852) 2918 8248, email info@filglobe.com. No part of this publication may be reproduced without the written permission of the publishers. Printed by Premier Printing Group, Yuen Long, New Territories, Hong Kong